KABANATA 12

ANG PAGKUKUPKOP

1. Ang lahat ng mga inaring-ganap ay minarapat ng Diyos, alang-alang sa Kanyang bugtong na Anak na si Jesu-Cristo, na tumanggap ng biyaya ng pagkukupkop.[1] Sa pamamagitan nito, sila ay ibinibilang, at nagtatamasa ng mga kalayaan at karapatan ng mga anak ng Diyos.[2] Tinatawag silang mga anak ng Diyos.[3] Tinatanggap nila ang espiritu ng pagkukupkop[4] at nakalalapit sila sa luklukan ng biyaya nang may pagtitiwala. Maaari silang tumawag ng "Abba, Ama!".[5] Sila ay kinahahabagan,[6] iniingatan,[7] pinagkakalooban ng mga pangangailangan,[8] at dinidisiplina Niya sila bilang isang Ama.[9] Gayon ma'y hindi sila kailanman itinataboy[10] kundi tinatakan hanggang sa araw ng Katubusan,[11] at minamana nila ang mga pangako bilang tagapagmana ng walang hanggang kaligtasan.[12]

1. Ef. 1:5; Gal. 4:4-5; 1 Juan 3:1-3
2. Juan 1:12; Rom. 8:17,29
3. 2 Cor. 6:18; Apoc. 3:12
4. Rom. 8:15
5. Rom. 5:2; Gal. 4:6; Ef. 2:18; 3:12;
6. Aw. 103:13
7. Kaw. 14:26
8. Mat. 6:30,32; 1 Ped. 5:7
9. Heb. 12:6
10. Isa. 54:8-9; Panag. 3:31
11. Ef. 4:30
12. Rom. 8:17; Heb. 1:14, 6:12; 9:15